H
E
K
A
S
I

6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)

**Distance Education for Elementary Schools**

**SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS**



# ANG PAMAHALAAN AT ANG MGA MAMAMAYAN NITO

**Department of Education**
**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**2nd Floor Bonifacio Building**
**DepEd Complex, Meralco Avenue**
**Pasig City**

**Revised 2010**
by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

*Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:*

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (http://lrmds.deped.gov.ph/) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.

GRADE VI

# ANG PAMAHALAAN AT ANG MGA MAMAMAYAN NITO

## ALAMIN MO

Suriin mo ang mga larawan.



Ano ang nakikita mo sa larawan?
Ano ang ginagawa ng mga taong naglilingkod sa mga taong bayan?
Sa inyong palagay sino ang nagkakaloob nito sa mga mamamayan?

Sa modyul na ito matututuhan mo kung paano naglilingkod ang ating pamahalaan sa taong bayan at ang kahalagahan nito sa ating estado.

## PAGBALIK-ARALAN MO

Bago mo simulan ang bago mong aralin  tukuyin mo muna kung sino ang mga taong tinutukoy.  Isulat ang sagot sa kuwadernong sagutan.

1. Ako ay isang trahabador
   Nakikita sa mga lansangan
   Naglilinis at nagpapaganda ng kapaligiran
   Sino ako? ___________________

2  Dahil sa akin, nalinang at
   Napagyaman ang inyong kaisipan
   Natuto kayong bumasa sumula't at bumilang
   Na ngayon, hasang-hasa na sa pangangatwiran.
   Sino ako? ___________________


3. Bawat minuto, oras na lumipas
   Tinitingnan, sinusuri ang sakit na dumapo
   Inililigtas kayo sa anumang karamdaman
   Ganito ang trabaho naming hanggang sa kasalukuyan
   Sino ako? ___________________

4. Hatid doon, hatid dito
   Mga sulat at iba pang regalo
   Maaga pa, nariyan na minu-minuto
   Sulat po, hatid magandang ngiti ang serbisyo.
   Sino ako? ___________________


5. Pinapatay ko ang mga apoy
   Kapag may nasusunog.
   Hila doon, hila dito
   ng hose na itututok.
   Sino ako? ___________________

# PAG-ARALAN MO

Basahin ang Comic Strip




Pumili sila ng mamumuno na magtatanggol laban sa mga dayuhang gustong sakupin ang bansang Pilipinas


At dahil siya ang pinakamatanda sa tribu naging tungkulin niya ang pagpapasunod sa mga kinaugalian ng kanyang mga nasasakupan.


Sa tulong ng nakatatandang kasapi ng tribu ang puno ang humuhusga at naggagawad ng karampatang parusa sa mga nagkasala .


At alam mo ba ang mga batas na ginawa nang panahong ito ang naging simula ng pagkakabuo ng pamahalaan para sa kasalukuyang panahon.


Basahin ang teksto.

Malaking tulong ang pagkakaroon ng pamahalaan na sinimulan noong unang panahon. Ang institusyon na ito ang tumutugon sa pangangailangan ng mamamayan na panatilihin ang katahimikan at kaayusan ng bansa. Pinamumunuan ang pamahalaan ng mga taong pinili, inihalal o pianagkalooban ng kapangyarihan ng nakararaming mamamayan upang mangasiwa o maglingkod sa bayan.

Mahalaga sa isang bansa ang pamahalaan. Kailangan ito ng mamamayan upang magkaroon ng mga batas at tuntunin na dapat sundin para mapangalagaan ang kapanatagan at ari-arian ng mga tao. Ang pag-papairal ng katarungan at kapayapaan ay ginagampanan ng namumuno ng pamahalaan tungo sa pag-unlad at pagsulong ng mga panlipunan, pangkabuhayan, pulitikal at pangkulturang kalagayan.


Maraming ginagawang paglilingkod ang pamahalaan para sa kagalingan at kaayusan ng pamumuhay ng bawat tao.

Pag-aralan mo ang iba't-ibang paglilingkod na ibinibigay ng pamahalaan sa mga mamamayan. Anu-ano ito?




May itinalagang paglilingkod pangkabuhayan, pampulitika at panlipunan ang pamahalaan.

Ang layunin nito ay upang mapabuti ang pamumuhay ng mga mamamayan at matulungan na magkaroon ng maunlad na kinabukasan. Sa pagpapaunlad nito binigyang halaga ang paglinang sa likas na yaman, pagpapaunlad ng pagsasaka, industriya, transportasyon at komunikasyon.



Palatandaan ng pag-unlad na panlipunan

Sa pampulitika, sinisikap ng pamahalaan na mapanatili ang pambansang kalayaan at mapangalagaan ang kapakanan ng taong-bayan sa makatarungan at demokratikong pamamaraan. Ang pagtatanggol sa pambansang kaligtasan, pangangalaga sa buhay at ari-arian at pakikipag-ugnayan sa ibang bansa ay patuloy pa rin isinusulong sa bansa upang mabigyan ng proteksyon ang mga tao.






Naglalaan din ng maraming programa na nauukol sa paglilingkod panlipunan, at sinisiguro ng pamahalaan na ang mga ito ay tinatamasa ng ating mamamayan. Ang pagtataguyod sa Edukasyon, pagtulong sa kapos-palad, may kapansanan at walang hanapbuhay ay binibigyan ng pangunang-pansin ng pamahalaan. Sa kasalukuyan ay marami ng propesyonal na nakapangibang bansa na nagtatrabaho na at nakatutulong na rin sa gobyerno. Ang iba naman ay nagkaroon ng kalinangan at kasanayan sa paggawa tungo sa ikasusulong ng kanilang pamumuhay.

Narito ang mga larawan at suriin mo nang may pang-unawa.




## PAGSANAYAN MO

Piliin ang tamang sagot. Isulat ang titik sa inyong notebook.


1. Ano ang tawag sa institusyong tumutugon sa pangangailangan ng katahimikan at kaayusan ng bansa?
   a. Senado
   b. Pamahalaan
   c. Patakaran
   d. paaralan

2. Tungkulin ng pamahalaan na itaguyod ang kapakanan ng mamamayan. Anong magandang saloobin o pagpapahalaga ang dapat gampanan ng mamamayan?
    a. pakikipagtulungan
    b. pakikipagpaligsahan
    c. pakikipagkaibigan
    d. pagmamalasakit

3. Ang demokratikong pamahalaan ay pinamumunuan ng isang lider, dahil sa:
    a. mga mamamayan ang namili
    b. mga mamamayan ang naghalal
    c. mga mamamayang ang may kapangyarihan
    d. lahat ng nabanggit

4. Kailangan ang pamahalaan ng mga taong bayan upang
    a. may mautangan ang mga mamamayan kapag nagigipit sa pangkabuhayan
    b. may gagastusin sa pang-araw-araw na pangangailangan
    c. makapagtayo ng maraming gusali
    d. maitaguyod at maisulong ang pangkabuhayan, pampulitika at panlipunang paglilingkod

5. Isa sa programa na bibigyang pagpapaunladng pamahalaan ay ang transportasyon at komunikasyon upang ang bawat isa ay
    a. madaling magkaunawaan ang mga tao
    b. maging mabilis ang palitan ng produkto
    c. mapabilis ang anumang transaksyon sa pagtatayo ng iba't-ibang industriya
    d. lahat ng nabanggit



## TANDAAN MO

- Ang pamahalaan ay gumagawa ng iba't-ibang paraan ng paglilingkod upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan.



## ISAPUSO MO

Ginagawa ng pamahalaan na matugunan ang pangangailangan ng mamamayan kaya dapat lamang na tayo ay makiisa sa anumang proyekto tungo sa kaunlaran ng bansa natin.



## GAWIN MO

Sipiin sa iyong notebook ang mga salita sa kahon. Isulat ang sumusunod na mga paglilingkod ng pamahalaan para sa mga mamamayan.

| Paglilingkod na Pangkabuhayan | Palilingkod na Pampulitika | Paglilingkod na Panlipunan |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

1. Pinauunlad ang iba't-ibang industriya sa bansa.
2. Pinanatili ang pambansang kaligtasan sa anumang panganib
3. Pinaglilingkuran ang mga kapus-palad, may kapansanan at walang hanapbuhay
4. Pinangangalagaan ang buhay at ari-arian ng mga mamamayan.
5. Pinagtutuunan ng pansin ang paghubog sa mga mag-aaral upang maging mabubuting mamamayan.





## PAGTATAYA

Bibigyan kita ng pagsusulit. Subukan natin ang iyong kakayahan sa araling iyong napag-aralan.


1. Anong mayroon ang pamahalaan na ipinatutupad sa mga mamamayan upang maging mapayapa, tahimik at maunlad na bansa?
    a. mga aral
    b. mga batas
    c. mga utos
    d. mga pakiusap

2. Ano ang pangunahing tungkulin ng pamahalaan?
    a. itaguyod ang ilang pangangailangan ng mga opisyal
    b. itaguyod ang kagalingan ng mamamayan
    c. itaguyod ang kagalingan ng opisyal
    d. itaguyod ang piling kailangan ng mamamayan

3. Anong uri ng paglilingkod ang ibinibigay ng pamahalaan sa mga tao sa pagpapatayo ng paaralan sa iba't-ibang barangay?
    a. kaunlarang pangkabuhayan
    b. kaunlarang panlipunan
    c. kaunlarang panrelihiyon
    d. kaunlarang pansarili

4. Ano ang ginagawa ng pamahalaan kapag may dumating na kalamidad?
    a. nagsasawalang kibo
    b. tinutulangan ang nasalanta
    c. pinagtatrabaho ang mga nasalanta
    d. pinagbabawalan ang mga taong tumutulong sa nasalanta

5. Ano ang katangian ng pamahalaan?
    a. bumubuo, nagpapahayag at nagpapatupad ng mga layunin at pinagkasunduan ng mga tao.
    b. pinangangalagaan ang karapatan at kapakanan ng mga mamamayan
    c. pinamumunuan ng mga taong pinili o inihalal ng mga mamamayan
    d. lahat ng nabanggit



PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Magtungo sa inyong Barangay. Kumuha ng impormasyon tungkol sa paglilingkod na naibibigay na sa inyong pamayanan.



Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

Susi sa Pagwawasto

1. b
2. b
3. b
4. b
5. d

